KAUTUSAN BLG. 6813

KAUTUSANG MULING PINANGANGALANANG "PAARALANG MARCELA AGONCILLO" ANG "MADRID PRIMARY SCHOOL" NA NASA IKALAWANG PUROK NG MAYNILA.

SAPAGKA'T, ang yumaong Marcela Agoncillo ay ganap na kinilala sa kasaysayan ng Pilipinas na siyang ginang na tumahi ng unang pambansang watawat, ang buhay na sagisag ng bansa sa kanyang pagpupunyaging makamit ang kalayaan at pagka-makabayan ng kanyang mamamayan;

SAPAGKA'T, ang unang watawat ng Pilipinas na nayari noong Mayo, 1898 sa Hongkong sa ilalim ng pag-uutos ni Heneral Aguinaldo ay siyang ipinahayag na sagisag ng bansa sa pagdiriwang sa Araw ng Paglaya na ginanap sa Kawit, Kabite, noong ika-12 ng Hunyo, 1898;

SAPAGKA'T, si Marcela Agoncillo ay nagpakasakit nang ipagbili ang kanyang mga alahas at iba pang pansariling ari-arian upang gugulin sa misyon ng kanyang kabiyak, si Felipe Agoncillo, sa iba't ibang lupain sa kanyang pakikibaka ukol sa kalayaan ng Pilipinas;

SAPAGKA'T, ang pagpapangalan ng isang gusaling-bayan bilang pagpaparangal sa alaala ng yumaong Marcela Agoncillo ay makatarungan at karapat-dapat: Dahil dito'y

Ipinapasiya ng Batasang Bayan ng Lungsod ng Maynila na:

PANGKAT 1. Ang "Madrid Primary School" na nasa ikalawang purok ng Maynila ay muling pinangangalanang "Paaralang Marcela Agoncillo."

PANG. 2. Ang kautusang ito ay magkakabisa mula sa pagkakapatibay nito.

Unang pinagtibay ng Batasang Bayan ng Lungsod ng Maynila noong ika-18 ng Oktubre; di-pinagtibay ng Gatpuno noong ika-11 ng Nobyembre at muling pinagtibay sa wikang Pilipino ngayong ika-14 ng Nobyembre, 1968.

Pinagtibay ng Gatpuno ng Lungsod ng Maynila ngayong ika-24 ng Disyembre, 1968.

PINAGTIBAY:

ANTONIO J. VILLEGAS
Gatpuno
Lungsod ng Maynila

F. REYES CABIGAO
Pangalawang Gatpuno at Tagapangulo
ng Batasang Bayan

PINATUTUNAYAN:

SERAFIN P. MANALO
Kalihim ng Gatpuno

MANUEL A. ROBLES
Kalihim, Batasang Bayan

GPM/ab